NSW Disability Advocacy Futures Program (DAFP)

# Ang Programa sa Mga Hinaharap na Adbokasya ng May-Kapansanan sa NSW

## Impormasyon para sa mga paaralan, estudyante at pamilya

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa NSW (NSW Department of Education) ay nakisosyo sa Kagawaran ng mga Kumunidad at Hustisya sa NSW (NSW Department of Communities and Justice) na magbibigay sa mga estudyanteng may kapansanan at sa kanilang mga pamilya ng suporta sa ilalim ng Programa sa Mga Hinaharap na Adbokasya ng May-Kapansanan (Disability Advocacy Futures Program).

Ang programang ito ay sumusuporta sa mga estudyante na may kapansanan at kanilang mga pamilya na makakilos sa loob ng sistema ng edukasyon at mas malawak na serbisyo, at maipapahayag ang kanilang mga kinakailangan sa mga paaralan.

Sa programang ito, kami ay patuloy na gumagawa ng isang mas mapanghalinang sistema ng edukasyon, kung saan ang bawat estudyante ay nakikilala, pinahahalagahan at inaaruga sa mga paaralang publiko sa NSW.

## Ano ang mga maibibigay ng programa

- Ang mga estudyanteng may kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay patuloy na hihikayating makipag-ugnayan sa kanilang mga paaralan bilang unang punto ng kontak. Ngunit sila ay may ibang mapagkukunan ng suporta kung nagkakaroon ng mga kumplikadong problema.
- Ang mga paaralan, mga estudyanteng may kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay maaaring makikipagtulungan - sa isang libre, indipendiyenteng pansuportang tao para sa pagsagot sa mga pangangailangang pang-edukasyonal ng mga estudyante.
- Ang mga estudyante na may kapansanan at ang kanilang pamilya ay maaaring makakuha ng tulong para makakilos sa loob ng sistema ng edukasyon at mas malawak na serbisyo.

| Lugar/lokasyon | Pangalan ng samahan | Mga detalye ng kontak |
|---|---|---|
| Hunter New England, Northern NSW, Mid North Coast | Advocacy Law Alliance Incorporated | P: 1300 365 085<br>W: https://da.org.au/ |
| Western, Far Western NSW | Advocacy Law Alliance Incorporated | P: 1300 365 085<br>W: https://da.org.au/ |
| Southern NSW, Illawarra Shoalhaven, Murrumbidgee | ACT Disability Aged Carer Advocacy Service Limited | P: +61 (2) 6242 5060<br>W: https://adacas.org.au/ |
| Northern Sydney, Central Coast | Action for People with Disability Inc | P: +61 (2) 9449 5355<br>W: https://www.actionadvocacy.org.au/ |
| Western Sydney, Nepean Blue Mountains | Advocacy Law Alliance Incorporated | P: 1300 365 085<br>W: https://da.org.au/ |
| Sydney, South Eastern Sydney | People with Disability Australia Incorporated | P: +61(2) 9370 3100 OR 1800 422 015<br>W: https://pwd.org.au/ |
| South Western Sydney | People with Disability Australia Incorporated | P: +61(2) 9370 3100 OR 1800 422 015<br>W: https://pwd.org.au/ |
| Aboriginal and Torres Strait Islander | First Peoples Disability Network (Australia) Ltd | P: +61 (2) 9267 4195<br>W: https://fpdn.org.au/ |
| Culturally and linguistically diverse communities | Multicultural Disability Advocacy Association of NSW | P: +61 (2) 9891 6400 OR 1800 629 072<br>W: http://mdaa.org.au/ |

Mangyaring kontakin ang paaralan kung gusto mo pa ng karagdagang impormasyon. Kung kailangan mo ang tulong ng interpreter upang kontakin ang paaralan, mangyaring tawagan ang **131 450**, sabihin kung anong wika ang kailangan at pakiusapan ang opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng interpreter sa linya ng telepono na tutulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayarin sa serbisyong ito.